Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-17 NG ENERO, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. GILBERT T. GATCHALIAN | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NOEL G. PINEDA | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. ALMA A. GATCHALIAN | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. YOLANDA B. AZADA | " |
| KGG. BERNARDO B. OPLE, JR. | " |
| KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 06-2019

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA PUNONG LUNGSOD - IGG. CHRISTIAN D. NATIVIDAD NA KUMATAWAN SA PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS, NA PUMASOK AT LUMAGDA SA ISANG KASUNDUAN (MEMORANDUM OF AGREEMENT) SA PAGITAN NG TECHNICAL EDUCATION AND SKILLS DEVELOPMENT AUTHORITY (TESDA) - CENTRAL OFFICE NA KINAKATAWAN NG REGIONAL TESDA DIRECTOR NITO, NA SI G. DANTE J. NAVARRO NA SUMASANG-AYON AT NAGPAPATIBAY SA PROYEKTONG UNIFIED ACCESS TO QUALITY TERTIARY EDUCATION (UAQTEA) NG TESDA NA NAGKAKAHALAGA NG PhP2,819,947.00 PARA SA LUNGSOD NG MALOLOS.

AKDA NG: BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD
ITINAGUYOD NI: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA

SAPAGKAT, isa sa pangunahing layunin ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ay ang mabigyan ng mataas na kalidad nang edukasyon ang bawat mamamayan lalo na ang mga kabataang mag-aaral nito;

SAPAGKAT, ang Technical Education and Skills Development Authority o' mas kilala bilang TESDA ay katuwang na ahensya ng Pamahalaang Lokal ng Malolos tungo sa adhikaing edukasyon para sa mga kabataan at mamamayan nito;

SAPAGKAT, ang TESDA ay may nakalaang pondo para sa proyektong UNIFIED ACCESS TO QUALITY TERTIARY EDUCATION (UAQTEA) para sa Lungsod na Malolos na nagkakahalaga ng Dalawang Milyon Walong Daan at Labing-Siyam na Libo, Siyam na Raan at Apatnapu't Pitong Piso (Php2,819,947.00) upang makapagbigay ng libreng pag-aaral sa mga kursong lubhang mapapakinabangan, hindi lamang sa loob ng bansa, kundi pati na sa ibayong-dagat gaya ng *bread and pastry production*, *shielded metal arc welding* at marami pang iba;

SAPAGKAT, napakahalaga ang ganitong oportunidad para sa Lungsod ng Malolos na mabigyan ng libreng edukasyon ang bawat mamamayan nito;

KAYA, sa kahilingan ni Kgg. Nino Carlo C. Bautista, na sinang-ayunan ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod, ay

NA, ipinasiya gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya na binibigyan ng kapangyarihan ang Punong Lungsod - Igg. CHRISTIAN D. NATIVIDAD na kumatawan sa Pamahalaang Panlungsod ng Malolos, na pumasok at lumagda sa isang Kasunduan (Memorandum of Agreement) sa pagitan ng Technical Education And Skills Development Authority (TESDA) - Central Office na kinakatawan ng Regional TESDA Director nito na si G. DANTE J. Navarro na sumasang-ayon at nagpapatibay sa proyektong Unified Access To Quality Tertiary Education (UAQTEA) ng TESDA na nagkakahalagang Php2,819,947.00 para sa Lungsod ng Malolos.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NOEL G. PINEDA**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. ALMA A. GATCHALIAN**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. YOLANDA B. AZADA**
KASANGGUNI

**KGG. BERNARDO B. OPLE, JR.**
KASANGGUNI

****KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer III**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo
**wala sa panahon na pinagtibay ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod

*DhorieTrogo(SDC2)*011819